



SUPERINTENDENT OF PUBLIC INSTRUCTION

Randy I. Dorn Old Capitol Building · PO BOX 47200 · Olympia, WA 98504-7200 · <http://www.k12.wa.us>

Ano ang Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles ng Washington?

Ang Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles ng Washington (Washington English Language Proficiency Assessment o WELPA) ay isang pagsusuri na ginagamit upang malaman kung kailangan ng mag-aaral ng suporta sa programa ng Paglinang sa wikang Ingles (English language development o ELD) ng distrito. Sinusuri ng pagtatasang ito ang kaalaman at kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig at pagsasalita ng Ingles. Isinasagawa ng mga mag-aaral sa Kindergarten hanggang ika-12 baitang ang pagsusuring ito isang beses sa isang taon upang masukat kung gaano sila humusay sa pagkatuto ng Ingles sa paaralan. Dahil kailangan ang pagkatuto at paggamit nang mahusay ng Ingles upang magtagumpay sa paaralan, mahalagang makuha ng mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong na matuto ng Ingles ang tulong na kanilang kailangan.

Paano nagkakwalipika ang mga mag-aaral para sa programa sa pagpapaunlad ng wikang Ingles ng isang distrito?

Kapag nag-enroll ang mga mag-aaral sa paaralan, tinatanong ang mga magulang ng “Nagsalita ba muna ang iyong anak ng wika bukod sa Ingles?” Kung “oo” ang sagot, kukunin ng mag-aaral ang Washington English Language Proficiency Assessment (WELPA) Placement Test. Ang mga mag-aaral na magkakamarka ng Mga Antas 1 (beginning), 2 (intermediate), o 3 (advanced) sa Placement Test ay nagkakwalipika para sa karagdagang tulong upang pagbutihin ang kanilang Ingles.

Gaano katagal nakakatanggap ang mga mag-aaral ng mga serbisyo sa pamamagitan ng programa sa pagpapaunlad ng wikang Ingles ng distrito?

Nagpapatuloy ang mga mag-aaral sa programa hangga’t kailangan nila ng tulong sa pag-aaral ng Ingles. Ibinibigay ang WELPA Annual Test upang sukatin ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kaalaman at mga kasanayan sa wikang Ingles sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig, at pagsasalita. Tinutukoy ng marka sa Mga Antas 1, 2, o 3 sa WELPA na magpapatuloy ang mag-aaral sa programa. Matagumpay na nagta-transition ang mga mag-aaral mula sa programa kapag natugunan nila ang pamantayan sa paglabas sa WELPA.